

# 1

Iginala ni Rose Fuentebella ang kanyang mga mata sa ballroom habang nakasandal sa backrest ng silya. Ang mga kamay niya ay nakalagay sa likod ng kanyang batok habang ang mga hapong paa ay nakapatong naman sa isang upuan. Kay sarap magpahinga matapos ng isang matagumpay na trabaho.

Ang helium balloons na isinaayos niya kaninang umaga para sa okasyon ay nakalungayngay na sa sahig. Abala ang mga waiter sa pagliligpit ng mga ginamit na pinggan, baso, kubyertos at pati na rin ang mga silyang binihisan ng sedang tela.

Isinakay na ng van ang mga regalo kasama ang natirang pagkain mula sa buffet table. Ang tanging naiwang testamento nang naganap na reception ay ang natirang wedding cake, na siyang hinihiwa ngayon ng isang waiter. Ilalagay iyon sa box para maiuwi.

Napabalikwas ang ulo ni Rose nang maramdamang may humigit sa kanyang mahabang buhok. Marahan siyang lumingon, handang tarayan ang kung sinuman iyong naglakas-loob na putulin

ang kanyang panandaliang kapayapaan.

Nakangiting mukha ng kanyang may kabilugang partner, si Ali, ang bumati sa kanya.

“Narito na ang last payment,” anito habang matagumpay na iwinawagayway ang isang tseke na tila bandila iyon.

Napawi ang mga linya sa kunot niyang noo. “Halika nga’t umupo muna sa tabi ko. Kanina pa tayo ikot nang ikot na parang mga trumpo,” aniya. “And I see they’ve finally settled their account.”

Sumalampaksi Alisa kanyang tabi at bumuntong-hininga. “I’m glad that’s over and done with.”

“I know what you mean,” makahulugan niyang sagot. “Ang hirap ka-deal ng bride, ano? Mahirap i-please. Kawawa naman ang groom. I pity the poor guy. I’ll give them three months at matatauhan din ’yan sa pinasok niya.”

“Ikaw naman, huwag ka ngang ganyan,” anito sabay tapik sa kanyang braso.

Ikinibit ni Rose ang kanyang balikat na lutang na lutang ang kaputian sa suot na off-shoulder burgundy gown. “Ah, basta! Natutuwa ako at tapos na itong wedding party na ito. Hindi na natin sila

makikita for a very long time.”

Tumangu-tango naman si Ali na ikinagulat niya. Sa kanilang dalawa, ito ang pasensyosa. Para sumang-ayon ito na *bride-zilla* nga ang kliyente nila—as in parang gorilla o si Godzilla, ibig sabihin, sobrang hirap niyong kausapin.

Sinimulang buksan ni Rose ang isang makapal na planner sa kanyang harapan ngunit pabirong hinampas ni Ali ang kanyang mga kamay.

“Ano ka ba naman, best friend? Katatapos lang ng isang matagumpay na trabaho at sabi mo, mag-relax. Ngayon, ’ayan, trabaho ka na naman? Umupo ka muna diyan at ipagpatuloy ang pagri-relax for a job well done.”

“I can’t help it, marami tayong ibang mga nakaplanong parties. Basta bukas huwag mong kalimutan na may food tasting kasama ang mga Echaves-Guerrero ha,” paaalala niya.

“Of course, I won’t forget. Kainan ’yun ’no,” anito habang hinihimas ang matulis na tiyan.

“Ako naman, I’ll be preparing the program ng debut ni Krisanta Castillo. Ikaw na ang bahalang mag-follow up sa mga souvenirs.”

Umiling-iling si Ali sabay tapon ng mga kamay sa ere. “Hopeless case ka na talaga. Paano ka makakahanap ng true love kung puro trabaho ka na lang? You know what they say, all work and no play makes for one very boring old maid.”

Pabiro niya itong hinampas ng folder. Hindi niya aaminin, pero masakit ang tama ng salitang old maid sa kanya. What came to her mind was a very nasty, cranky, old hag. Hindi pa naman siya ganoon. “Ha-ha, very funny!” sarkastiko niyang sabi.

“Totoo naman, ah. Ikaw puro na lang work, work, work. ’Day, established na itong ating wedding events company. May nagpapaasikaso na rin ng mga debut, which means maganda ang feedback ng ating satisfied customers.”

Totoo ang sabi ni Alethea Rodriguez, ang kanyang best friend mula pa kolehiyo at ngayon ay business partner sa kanilang kompanya, ang *Silver Bells*. Malayo na ang narating nila mula noong sila ay nagsisimula pa lamang pitong taon na ang nakalipas.

Back then, kailangan ay tutok na tutok sila sa negosyo at kumakaripas lagi para maghanap ng mga kliyente. At noon, tanging silang dalawa lamang ang magka-team at nagsa-subcontract lang sila ng mga

tao tuwing kailangan.

Subalit ngayon, iba na ang takbo ng lahat. Mayroon na silang opisina sa Makati at isang lupon ng mga empleyado. Matatag na rin ang relasyon nila sa kanilang suppliers kaya madali na ang pagpapalano. Through word of mouth, not costly advertising, parami nang parami ang kanilang mga kliyente.

Tama ang sabi ni Ali, puwede na nga siguro siyang mag-relax.

Tila nabasa nito ang kanyang isip. “Ano, you want to take a vacation? Baka sakaling ma-meet mo roon ang magiging future kumpadre ko.”

“Gaga, girl,” pabirong hirit niya rito. “Alam mo namang wala sa isip ko ang romance.”

“Alam mo ikaw, you are in the wrong business,” parunggit nito. “You are so allergic to men. And it’s really ironic na isa kang wedding planner considering na you are a full-pledged man-hater. Maybe it’s God’s way of rubbing it in.”

“Sira,” banat niya. “I’ve seen enough weddings to last me a lifetime. I know I can do without it. Nariyan ’yung mga excited sa kakaplano, pagkatapos two years down the line, magsosolian lang pala ng

singsing. Nag-aksaya lang ng pera, luhaan pa,” aniya habang iniiling-iling ang ulo.

“Hoy, huwag ka namang ganyan ka-negative. Hindi lahat ganoon, huh.”

Hinawakan ni Rose ang braso ni Ali at pinisil ito. “Oo, iba kasi kayong dalawa ni Roger. Masuwerte ka.”

Mula pa noong sila ay nasa kolehiyo, masugid nang manliligaw ni Ali si Roger. Nakakabilib ang dedikasyon nito dahil mula sa *Unibersidad ng Santo Tomas*, dadayo ito patungo *Unibersidad ng Pilipinas* sa Diliman, Quezon City. Kahit na grabe ang baha, susugod ito para kumustahin lang si Ali at dalhan ng bulaklak.

Hindi man sinasabi ni Rose, pero naiinggit siya sa katapatang ipinamalas ni Roger sa kaibigan niya. Hindi na rin nakapagtataka na pagkatapos ng kolehiyo, sinagot na kaagad ito ni Ali. Ngayon, limang taon na silang kasal, may isang anak at isa pa ang on the way.

Si Ali naman ngayon ang humawak sa kanyang balikat. “Don’t worry, best friend, makakahanap ka rin ng lalaking magmamahal sa iyo nang wagas gaya ng darling ko. Ikaw naman kasi, after Lawrence

noong college, hindi ka na nag-date ulit. Hindi ka naman nawawalan ng manliligaw sa ganda mong 'yan.”

“Well, nadala na po ako. Mahuli ko ba naman siya sa akto,” asik niya habang binalot ng kung anong panginig.

Akala ni Rose, hindi na siya apektado, pero bakit ganoon ang kanyang reaksiyon? Biglang bumalik ang nakakadiring imahe sa isip ni Rose. Mga imaheng matagal na niyang ibinaon sa limot.

Pumunta siya ng ladies dormitory para kunin ang isang diskette mula sa kaklase, si Portia. Matagal na siyang kumakatok sa labas ng silid ngunit walang sumasagot.

Nainip siya at nagbakasakaling pumasok sa kuwarto ngunit laking pagsisisi niya dahil tila eksena sa x-rated video ang kanyang naabutan.

Mabuti na lang at hindi siya napansin ng mga ito dahil abala sa kanilang kalokohan. Madali sana siyang lalabas nang mapapitlag siya sa ungol ng lalaki. Kilalang-kilala niya ang boses na iyon. Iyon ang boses na bumubulong ng matatamis na salita sa kanyang tainga.

At doon sa gitna ng kama, natagpuan niyang

magkapatong si Portia at ang kanyang boyfriend. Naaalala pa rin niya ang mapait na lasa sa kanyang bibig habang nakikita silang sabay sa pag-indayog. Tuwing magugunita niya iyon, gusto niyang masuka. Hindi niya makakalimutan ang sakit na dumaloy sa kanyang mga ugat na siyang unti-unting sumakal sa puso niya.

“Ikaw naman, ang kulit mo kasi. Ilang beses ko bang sasabihin sa iyo na hindi lahat ng lalaki, manloloko? Di lahat ng love affairs ay nauuwi sa trahedya,” narinig niyang sabi ni Ali. Iyon ang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. “Malay mo, nariyan lang sa tabi-tabi ang magpapatibok ng puso mo.”

“I doubt it. Sa track record ng angkan ko sa mga lalaki, malabo yatang mangyari iyang sinasabi mo.” Nagdilim ang kanyang mga mata at mariing inulit, “Malabong-malabo.”

Bumalik sa alaala niya ang kuwento ng pag-ibig ng kanyang Lola Rosario...

---

Nobyembre, 1951.

Nakakunot ang noo ni Rosario Escobar sa sobrang konsentrasyon. Ipinipinta niya ang isang



makulay na larawan ni Santa Claus. Nangako siya sa kanyang mga estudyante na gagawa siya niyon para maipaskil sa kanilang classroom. Ito lamang at isang munting parol ang kanilang dekorasyon para sa darating na Pasko.

Naramdaman niya, isang mabigat na kamay ang lumapat sa kanyang balikat. Hindi niya ito kinailangang tingnan pa para malamang iyon ay ang kanyang ama, si Pancho Escobar. Kaagad siyang tumuwid sa pagkakaupo upang harapin ito.

“Bakit po, Itay?” tanong niyang may ngiti sa labi. Ang kanyang kulot na buhok ay tumabing sa kanyang mukha.

Marahang ibinalik ng matanda ang buhok na ito sa likod ng tainga ng kaisa-isang anak ng babae. “Ang galing mo talagang pintor,” puri nito.

Mabilis namula ang pisngi ng kanyang mala-porselanang kutis. Nakuha niya iyon sa lahi ng kanyang ina. Ang lola ng nanay nito ay anak sa labas ng isang prayleng Español. “Salamat po, Itay. May ipag-uutos po ba kayo?”

“Madali ka’t magtungo ka sa komedor. May sorpresa kami ng iyong inay.”

Bumilis ang kabog ng kanyang dibdib. Hindi

mayaman ang kanilang pamilya pero nakakaraos sila dahil masipag ang kanyang amang trabahador at inang mananahi. Mabibilang lamang sa mga daliri ng isang kamay ang magagandang sorpresang umakyat sa kanilang tahanan. Ano kaya iyon?

Nakaupo ang kanyang ina sa isang silya sa harap ng mesa at hawak nito ang isang pulang kahon.

“Para ito sa iyo, anak. Alam naming isang linggo nang nakalipas ang iyong ika-dalawampung kaarawan. Pero ngayon lang namin natapos hulugan ito.”

Umupo si Rosario sa tabi ng kanyang inang si Felicia. Nangangatog ang mga kamay, kinuha niya ang kahon at binuksan iyon.

Parang napaso ng mainit na kalan, agad niya itong nabitawan. Mabilis na kumilos ang kanyang ama at nasalo iyon.

“Hindi mo ba ito nagustuhan?” dismayadong tanong ni Ginoong Escobar habang ipinapatong ang kahon sa mesa.

Muli itong kinuha ni Rosario, na hindi pa rin tumigil ang pangingingin ng mga kamay. “Hindi po, Itay. Nagulat lang po ako talaga ako.”

Pagkaganda-gandang kuwintas ang laman ng kahon. Hindi siya makapaniwala. Yari iyon sa ginto at may palawit na hugis-puso na halos isang pulgada ang laki. Sa sentro niyon, may mga nakaukit na rosas. Halos masilaw siya sa kakaibang kinang niyon. Sa tanang buhay niya, wala siyang pag-aari na kasingganda niyon.

Kinuha ni Felicia ang kuwintas. “Tingnan mo, anak,” anito habang binubuksan ang pendant. “Isa itong locket. Nilagay namin ang iyong larawan sa kanang bahagi ng puso.”

“At ang ilagay mo sa kaliwa,” putol ng kanyang ama, “ang larawan ng lalaking iyong pakakasalan.”

Biglang lumipad ang mga mata ni Rosario patungo sa kanyang ama. Naiwang nakaawang ang kanyang mapupulang labi.

“O, parang namatanda ka, anak. Pasasaan ba’t mag-aasawa ka rin. Hindi ka na rin bumabata at gusto rin namin ng iyong ina na magkaroon ng apo.”

Ang utak niya ay napuno ng magagandang imahe. Hindi larawan ng mga bata na gaya ng ipininta ng kanyang ama, kundi mukha ng isang masugid na tagahanga sa kanilang eskuwelahan.

Napapikit ang kanyang mga mata at pakiwari

niya, kaharap niya ngayon si Pedro San Jose. Sinisipat siya ng misteryoso nitong mga mata kaya lalong bumilis ang pagkabog ng kanyang dibdib.

*O, Pedring*, sekretong panaghoy ng puso niya.

Si Pedring ay isang sundalong nakadestino sa kampo ng konstabularyong nasa tabi ng paaralang pinapasukan niya. Ilang buwan na rin itong nakatigil doon. Ito ang nakatokang magbantay sa guard house sa gate ng kampo at tuwing daraan siya ay sinasaluduhan siya nito. Nakipagkilala ito sa kanya at mula noon ay walang araw na hindi ito nagdala ng bulaklak sa kanyang silid-aralan.

Aaminin niyang iba ang isinisigaw ng puso niya para sa mamang naka-uniporme. Subalit hindi niya ito madala sa kanilang bahay gaya ng hiling nito, dahil natatakot siya sa magiging reaksyon ng kanyang mga magulang. Nakakasiguro siyang hindi ito magugustuhan ng kanyang ama. Mailap iyon sa mga sundalo dahil sa isang masamang karanasan sa kamay ng mga ito.

Biglang bumalik sa realidad si Rosario nang marinig ang tinig ng ina. “Sana magustuhan mo itong aming munting regalo, anak. Alam mo namang limitado ang ating pera. Ang tanging kayamanan ng ating pamilya ay ang ating dangal at reputasyon.”

Marahang hinawi ng kanyang ama ang kanyang buhok. Matapos nito, naramdaman niya ang kakaibang lamig ng metal na dumampi sa kanyang leeg. Habang isinasara ang kawit ng kuwintas, sinabi nito, “Gaya ng sabi ko, sa kaliwang bahagi ng puso mo ilalagay ang larawan ng iyong pakakasalan. Kinausap ko na ang aking kaibigan sa trabaho at nagkasundo kami. Tatlong buwan mula ngayon, dadaong ang bapor ng anak niyang seaman at mag-iisang dibdib kayo.”

Halos mahugot lahat ng hangin mula sa kanyang mga baga. Tama ba ang mga narinig niya? Gusto niyang tumutol pero wala siyang lakas para salungatin ang kagustuhan ng kanyang mga magulang. Ang buong akala niya, natapos na sa makabagong panahon ang binansagang ‘arranged marriage’. Naramdaman niya ang luhang nagbabantang umagos.

Biglang napuno ng ingay ng mga bunsong kapatid ni Rosario ang komedor. Laking pasalamat niya sa distraction na iyon. Sinagip siya ng mga bata sa pagsasalita kaya nagkaroon siya ng ilang sandali para pakalmahin ang sarili at pigilan ang pagpatak ng luha.

“Ate, ang suwerte mo naman. Ang ganda ng regalo ng Itay at Inay sa iyo,” ani Lando, labing-apat

na taong gulang.

“Oo nga, Ate. Nakakainggit ka,” sang-ayon ni David, ang kanilang bunso.

Sasagutin niya sana ito ng, *Masuwerte? Nagkakamali kayo, mga kapatid ko. Sa inyo na ang regalong ito.*

Subalit wala siyang nagawa kundi tumango at pairalin ang pagiging isang mabuting anak. Nakakahiya sa harap ng kanyang mga kapatid kung masaksihan ng mga ito ang magiging pangangatuwiran niya sa kanilang mga magulang.

Sa kabila ng kasiyahan ng kanyang mga kapamilya, ang bukod tanging nais niya ay hablutin ang kuwintas at itapon iyon. Wala sa mga balak niya ang magpakasal sa isang lalaking hindi pa niya nasisilayan sa buong buhay niya.

## 2

Pakiramdam ni Rosario ay hapong-hapo siya pagkatapos ng klase niya sa paaralan. Kagabi pa siya binabagabag ng deklarasyon ng kanyang ama. Gusto niyang ipikit ang mga mata at matulog habambuhay. Nais niyang kalimutan ang bangungot na ito.

“May problema ka ba, mahal ko?” anang isang malalim na boses na naging malapit na sa puso niya.

Itinaas niya ang kanyang ulo mula sa mesa at kaagad lumapit si Pedring sa kanyang tabi. “Ano ang ibig sabihin ng mga ito?” tanong ng sundalo habang marahang pinapahid ang luha na dumadaloy sa kanyang pisngi.

Ni hindi man lang niya namalayan na umiiyak siya. Utal-utal niyang ikinuwento ang nangyari nang nakaraang gabi.

Mahigpit siyang niyakap nito. “Baka naman magbago ang isip nila. Subukan mo lang magpaliwanag.”

“Kilala ko ang itay ko. Kapag nakapagdesisyon na siya, wala nang makapagbabago pa ng isip niya. Nakakainis sila.”

Gamit ang hintuturo, inilagay iyon ni Pedring sa baba ng dalaga para taimtim na matitigan ang kanyang mga mata. “Mahal ka ng mga magulang mo kaya nila ginawa ang kasunduang iyon. Gusto nilang mapabuti ang iyong kapakanan. Hindi naman nila alam ang tungkol sa atin. Subukan mo lang magtapat. Wala namang mawawala.”

Sa gitna ng kanyang pighati, nakatagpo si Rosario ng dahilan upang ngumiti. Ang sensitibong ugaling ito ni Pedring ang nagustuhan niya. Kahit na mainit ang kanyang ulo, nakakahanap ito ng paraan upang payapain ang loob niya. At kahit na nakakasakal ang ginawa ng kanyang mga magulang, hindi pa rin nito makuhang magalit sa kanila at magbitiw ng mararahas na salita.

“Ayan, nakangiti ka na rin sa wakas,” masayang pahayag nito na may kakaibang kislap sa mga mata. Tunay ngang ito ang kanyang tagapagligtas.

At that particular moment, nakasisiguro na siya sa pagmamahal nito sa kanya. Higit pa roon, sigurado na rin siya sa itinitibok ng kanyang puso para rito.

---

Kinagabihan, marahas na ipinilig ng ama ni



Rosario ang ulon ito nang marinig ang mga ipinagtapat ng dalaga tungkol sa sundalong napupusuan.

“Hindi maaari, naipagkasundo na kita!” matigas nitong pahayag. “Malaking kahihyan ko sa aking kumpadre kung uurong ka.”

Napasinghap pa rin si Rosario kahit inaasahan na niya ang ganitong reaksiyon. Ang mga daliring hindi niya namalayang iwinawasiwas sa sobrang nerbyos ay naglakbay patakip sa ibabaw ng kanyang bibig sa sobrang pangamba. Ngunit bago siya makatutol, sumingit ang kanyang ina sa usapan.

“Alam mo namang abusado ang mga sundalo, hija. Pasasaan ba’t madedestino rin ito ng ibang lugar at iiwan ka lang na luhaan,” katuwiran ng ginang habang hinahagod ang kanyang likod.

Hindi iyon totoo. Hinding-hindi siya iiwanan ni Pedring.

Napabalikwas si Rosario sa kanyang upuan nang malakas na tumama sa ibabaw ng mesa ang kamao ng kanyang ama.

“Tapos na ang usapang ito. Wala kang karapatang tumutol. Pumasok ka sa iyong silid,” anito na nanlilisik ang mga mata.

Hindi na siya kumibo pa. Wala siyang sapat na lakas ng loob para salungatin ang kagustuhan nila. Kagat-labi at luhaan siyang pumasok sa kanyang selda.

---

Habang nakatingin sa mukha ng kanyang pinakamamahal, napuno ang dibdib ni Rosario ng kakaibang lakas. Buong gabi niyang pinag-isipan ang kanyang problema. She could not imagine spending the rest of her life with someone she hardly knew.

“Itakas mo na ako,” pagsusumamo niya kay Pedring.

Malaya niyang naipapahayag ang kanyang saloobin dahil sila lamang ang tanging naiwan sa paaralan matapos ang dismissal ng klase dalawang oras na ang nakalipas.

“Huwag kang padalos-dalos magdesisyon,” babala nito habang pinipisil ang kanyang balikat.

Marahas niyang iwinaksi ang kamay nito. “Hindi mo siguro ako tunay na mahal kaya nag-aalinlangan ka.”

“Huwag mong sabihin iyan, mahal ko. Tanging ikaw lang ang inaalala ko. Ano’ng sasabihin nila

tungkol sa iyo kapag itinakas kita? Sa palagay mo ba, makakatuntong pa ako sa bahay n'yo kapag ganoon ang nangyari?"

Wala siyang pakialam sa sasabihin ng iba. Ang tanging alam ng puso niya, hindi siya puwedeng magpakasal sa isang lalaking ni hindi pa niya nasisilayan. Ang pagmamahalan nila ni Pedring ang kanyang lifeline. Kung mawawala ito, ikamamatay yata niya.

Hindi niya napigilan ang pag-agos ng kanyang luha. "Ngayon mo sa akin patunayan na mahal mo nga ako," hamon niya. "Papayag ka bang mapunta ako sa ibang lalaki?"

Parang kung anong bato ang pumukol sa ulo ni Pedring nang marinig iyon. Agad nitong ipinaloob sa mga bisig ang dalaga at ipinatong ang pisngi sa ulo ni Rosario. Mamamatay ang binata kung magkakahiwalay sila. Ipinaraan nito ang mga kamay sa buhok ng dalaga habang iniisip ang dapat gawin.

"Ngayong darating na Biyernes, magtanan tayo. Bigyan mo lang ako ng pagkakataong ihanda ang ating matutuluyan," anito.

Naglagay si Rosario ng distansya sa pagitan nila para makita ang mukha ng nobyo. Makikita

sa mukha nitong desidido na si Pedro San Jose at nagsasabi ng totoo.

“Salamat, mahal ko,” nahihiya niyang bulong. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na sinabi niya iyon sa lalaki.

Pakiramdam ni Pedro, na-promote siyang bigla bilang isang heneral nang marinig ang itinawag ni Rosario sa kanya. Sa sobrang tuwa niya, bigla niyang siniil ng halik ang mga labi ni Rosario. Hindi naman ito tumutol at pinagsaluhan nila ang tamis ng kanilang unang halik.

Biglang bumalik ang katinuan ni Pedring nang maalalang maaaring may makakita sa kanila. Wala sa loob niya nang pakawalan ang dalaga.

“Pasensya ka na. Hindi ko alam kung ano’ng dumapo sa akin para gawin iyon.”

“Ano ka ba, Pedring? Wala kang dapat ihingi ng tawad,” saad ni Rosario. “Magiging maybahay mo na ako sa Biyernes.”

Laking gulat ni Pedring nang tumiyad ang dalaga, inilagay ang malalambot nitong kamay sa balikat niya, at kinintalan ang kanyang mga labi ng isang maalab na halik.

Pasado alas nueve ng gabi dumating si Rosario sa kanilang tahanan. Habang papaakyat siya ng hagdan, naririnig pa rin niya ang papalayong kulog at kidlat. Nagtayuan ang mga balahibo niya sa batok, hindi dahil sa pagkagulat sa nakatuturong dagundong. Kundi naalala niya ang haplos ng mga kamay ni Pedring sa kanyang nag-iinit na balat.

Hindi napigilan ni Rosario ang mapangiti at hawakan ang kanyang labi. Nalalapas pa rin niya ngayon ang tamis ng halik na pinagsaluhan nila ng kanyang pinakamamahal. Naamoy pa niya ang kakaibang bango nito na pakiwari niya ay nagmarka sa buong katawan.

Kanina, tamang-tamang pag-alis niya ng paaralan, bumuhos ang napakalakas na ulan. Napilitan silang sumilong sa isang tagong kamalig. Kailanman ay hindi niya makakalimutan ang apoy sa mga mata ni Pedring nang makita nito ang kabuuan niya, litaw mula sa kanyang basang damit. Nagsusumamo ang mga iyon at wala siyang ibang nagawa kundi magparaya. Marahan nitong inalis ang kanyang suot na mga saplot.

Naputol ang kanyang paggunita nang maramdaman niya ang kirot sa braso. Hawak na

iyon ng kanyang ina.

“At bakit ngayon ka lang? Ano’ng sasabihin ng iba kapag nakita ka? Kababae mong tao wala kang kasama nang ganitong oras ng gabi,” usig sa kanya ng matanda.

Hindi siya makatingin dito nang tuwid. “Pasensya na po, Inay. May ginawa kami sa eskuwela. Kasama ko si Teresa na umuwi, kaya lang inabot kami ng buhos ng ulan,” pagsisinungaling niya.

Nakahinga nang maluwag si Ginang Escobar at agad tinanggap ang paliwanag ng anak. “Pasalamat ka at wala pa rito ang iyong ama. Madali ka’t magbihis bago ka mapulmonya sa basa mong damit.”

Agad siyang nagtungo sa kuwarto at ikinandado ang pinto. Hinubad niya ang kanyang damit at sinipat ang sarili sa salamin.

Ngayong gabi, siya ay naging isang tunay at ganap na babae sa piling ni Pedring. Isa iyong gabi ng nakatutupok na romansang hindi na niya malilimutan sa buong buhay niya.

---

Iginuhit ni Rosario ang mukha ni Pedring sa isang maliit na piraso ng papel at inilagay iyon sa tabi

ng kanyang larawan sa loob ng locket ng kuwintas niya. Pakiwari niya, lumulutang siya sa alapaap kapag sila ay magkasama. Tuwing magkakatinginan sila nito, kapwa sila napapangiti. At tanging silang dalawa lamang ang may alam kung ano ang dahilan.

Maagang pumasok si Rosario nang Biyernes na iyon. Ito ang huling araw niya bilang isang dalaga. Sasama na siyang makipagtanan kay Pedring. Excited siyang makita muna ang sundalong nagpapakabog ng puso niya bago magsimula ang klase.

Pagdating niya sa gate ng kampo, nagulat siya nang ibang mukha ang nakita niya roon. Nasaan ang lalaking mahal niya na laging sumasaludo sa kanya habang nakatayo roon?

“Sir, alam n’yo ho ba kung nasaan si Pedro San Jose? Di ba siya po ang laging nagbabantay rito sa guard house?” simpleng pag-usisa niya.

“Ma’am, kasama po siya sa grupo ng mga sundalong biglaan pong ipinatawag at naatasan para magtungo sa Sierra Madre,” sagot ng guwardyang nakatoka roon ngayon. “Ito po ay ayon sa utos ng ating Pangulong Ramon Magsaysay na nagdeklara ng all out war laban sa mga Hukbalahap.”

Pakiwari ni Rosario, tila naging sinlamig ng

yelo ang dugong dumadaloy sa kanyang mga ugat. Kung hindi pa siya napahawak sa poste, marahil ay natumba siya. Sa lakas ng kalabog ng kanyang puso, hindi na niya narinig pa ang ibang mga sinabi nito.

Biglang lumipad ang kanyang utak habang tumatakbo siya patungo sa classroom. Halos madukdok ang mukha niya sa lupa nang mapatid siya sa isang batong nakausli sa kanyang dinaraan. Ngunit hindi niya iyon ininda. Agad siyang tumayong muli at dali-daling nagpunta sa loob ng kanilang silid, umaasang naroon si Pedring at naghihintay para sabihin sa kanyang isa lamang masamang biro ang lahat.

Pagdating niya sa bungad ng pintuan, bumagsak ang kanyang balikat. Wala si Pedring para batiin siya. Nakapatong sa kanyang mesa ang isang pulang rosas. Sa ilalim nito nakalagay ang isang sobre.

Waring umakyat ang puso niya sa kanyang lalamunan. Natuyot rin ang kanyang bibig. Alam niyang iyon ay hindi isang magandang pangitain.

Nangatog ang mga kamay, binuksan niya ang sobre at binasa ang sulat.



*Pinakamamahal kong Rosario,*

*Ipinatawag ako ng aking tungkulin. Hindi ko puwedeng talikuran ang sinumpaan kong serbisyo sa ating bayan. Madedestino ako ngayon sa rehiyon ng Sierra Madre. Kapag nakaayos na ang aming tropa sa bagong kampo, magpapadala ako ng sulat. Papasunurin kita roon. Kung hindi man, ako mismo ang babalik diyan para kunin ka. Hinding-hindi kita iiwan. Pangako.*

*Pasensya ka na kung hindi ko nasabi sa iyo kagabi. Natakot akong magpaalam sa iyo. Aaminin ko, naging makasarili ako. Gusto ko kasi na sa huli nating pagkikita ay nakangiti ka. Ang maamo mong mukha na puno ng kaligayahan ang maiiwang nakatatak sa aking puso. Iyon ang palagi kong iisipin habang tinitingnan ko ang larawan mo sa iyong kuwintas. Sagisag ito ng ating walang hanggang pagmamahalan. Isusukbit ko ito sa aking leeg sa tuwina para kasama kita kahit saan man ako magpunta. Hinding-hindi ko ito huhubarin.*

*Mahal na mahal kita at muli, ang aking paumanhin sa aming biglaang pag-alis.*

*Iyong-iyo lamang habambuhay,  
Pedring*

Ilang ulit niyang binasa ang sulat bago tuluyang luminaw ang nilalaman nito sa kanyang isipan. Kaya pala hiniram nito ang kuwintas niya at hindi makasagot nang tanungin niya ito kahapon kung bakit.

Nawalan siya ng lakas at napaupo sa kanyang silya. Hinayaan niyang umagos ang mga butil ng luha hanggang wala nang maipiga pa ang kanyang mga mata. Higit pa sa namatayan ang nadarama niya.

Ipinatong niya ang sulat sa mesa at kinuha ang pulang rosas. Marahan niya hinimas iyon sa kanyang pisngi at idinampi sa kanyang labi. Wala siyang magagawa kundi umasa sa pangako nitong babalikan siya.

---

Lumipas ang isang linggo... naging dalawa, tatlo.

Hanggang sa umabot ng tatlong buwan. Para sa isang pusong umaasa, tila ito isang napakahabang panahon. Binibilang ni Rosario ang bawat araw na nalalagas at nag-aabang sa anumang sulat o balita mula sa kasintahan.

Noong isang gabi, pinaalalahan si Rosario ng kanyang itay na paparating na ang barko ng anak ng kumpadre nito. Hindi siya makaimik sa labis na pighati. Ang buong akala niya, dahil hindi na nila ito pinag-usapan pa, nakalimutan na ng mga magulang ang tungkol sa kasunduan. Ngunit maling-mali siya.

Ngayon, nakaupo sa kanyang kama, malayo ang tingin niya sa labas ng bintana. Agad mababakas ninuman ang kanyang kalungkutan. Halos nangangalumata na siya dahil hindi na siya mapagkatulog simula nang umalis si Pedring.

*Nasaan ka na ba, mahal ko?*

Inilabas ni Rosario ang sulat mula sa bulsa ng kanyang palda. Naging dilaw at marupok na ang papel sa ilang ulit na kabubukas-sara para mabasa ang laman niyon. Memoryado na nga niya ang bawat salitang nakatitik doon.

Ayaw niyang mawalan ng pag-asa. Ngunit sa bawat paglipas ng araw, parang unti-unting

nauupos iyon. Ano na ang nangyari sa kanyang pinakamamahal? Totoo kayang babalik pa ito? Bakit hindi man lang ito sumulat gaya ng sinabi nito?

Kung mahal siya ni Pedring, hindi ito papayag na mamatay siya sa kakaisip. Lalo na ngayon, tatlong buwan na siyang hindi dinaratnan ng kanyang buwanang dalaw. Kailangan nito umanong tuparin ang tungkulin sa bayan, pero paano ang tungkulin nito sa kanya? Sa kanila ng magiging anak nila?

Kinuyumos ni Rosario ang kanyang kamay at nayupi ang pinakaiingatan niyang liham hanggang sa maghugis-bola iyon. Matapos, itinapon niya iyon sa sulok ng silid. Panandaliang naibsan ang bigat ng kanyang pakiramdam.

Mayamaya ay sumikip muli ang kanyang dibdib at mas lalo pa itong bumigat. Hindi niya napigilang mapatakbo patungong kusina para iduwal ang kanyang sama ng loob.

Nang tumayo siya nang tuwid mula sa pagkakadukwang sa lababo, marahas na hiniklat ng inay niya ang kanyang buhok. Nabasa niya sa nagliliyab nitong mga mata, alam na nito ang kanyang sekreto.

“Malandi kang babae. *Sinverguenza!*” hiyaw

nito sabay sampal sa kanya.

“Ano’ng nangyayari?” tumatakabong tanong ng kanyang itay kabuntot ang dalawa niyang kapatid.

“Buntis itong anak mo. Hindi na nahiya ang walang utang-na-loob na ito. Ano na lang ang mukhang ihaharap natin sa iyong kumpadre?”

Nangingibabaw ang galit ng kanyang ina at muling sinabunutan si Rosario. Hindi na siya nanlaban o umilag pa. Tama naman ang sabi nito. Nagpalinlang siya sa isang lalaking hindi marunong tumupad ng pangako. Nararapat lamang sa kanya ang anumang parusang nais igawad nito. Tinanggap niya nang buo sa loob ang pananakit ng ina.

Nanlaki sa gulat ang mga mata ni Pancho Escobar. Nakita nito ang kahihyan ng anak na hindi makatingin nang tuwid sa kanya. Si Rosario na masunurin at tila hindi makabasag-pinggan, buntis?

Binuksan ng kanyang ama ang bibig nito, ngunit walang mga salitang lumabas. Nakita nilang nanginginig ang lalaki. Sa isang iglap, isang mariing sampal ang tumama sa pisngi ni Rosario. Halos magmarka ang palad ng kanyang ama.

“Itay...” Umiiyak na hinaplos niya ang kumikirot na mukha.

“Huwag mo akong matawag-tawag niyan. Simula ngayon, hindi na kita anak. Lumayas ka! Dinulutan mo ng kahihyan ang malinis na pangalan ng ating pamilya,” matigas nitong sabi sabay talikod para magtungo sa kuwarto.

Tiningnan ni Rosario ang kanyang ina na para bang humihingi ng saklolo. “Inay, kailangan ko po ng pang-unawa n’yo ngayon. At kailangan rin po kayo ng inyong magiging apo. Sana, mapatawad ninyo ako ng Itay,” pagsusumamo niya.

Subalit sadyang mataas ang pride ng kanyang ina. “Wala akong apong bastardo,” matigas nitong pahayag.

Sa halip na tulungan ang lumuluhang dalaga, inutusan nito ang mga nakababatang anak para kunin ang mga gamit ng kanilang ate mula sa kuwarto.

Lulugo-lugong nagtungo sa silid niya ang dalawang kapatid. Makikita sa mga kilos ng mga ito na wala sa loob ang pagtugon sa utos ng ina.

“Kukuha ako ng malunggay sa may bakuran sa likuran para sa niluluto ko,” anito habang tinitingnan siya mula ulo hanggang paa. “Gusto kong pagbalik ko, wala ka na sa aming tahanan. Marumi ka! Hindi

ka namin kailangan dito!”

Tumalikod ito at iniwan siyang umiiyak sa gitna ng kusina. Sa puntong iyon, tagos hanggang sa buto ang sakit na matagal na niyang pilit na tinitikis simula pa nang lumisan si Pedring. Hindi lang ito ang tumalikod sa kanya kundi pati na ang buo niyang pamilya. Wala na siyang tahanan.

Bumuntong-hininga si Rosario at pilit pinakalma ang sarili. Kailangang makahanap siya ng bagong lakas. Hindi siya papayag na magpatalo sa naging takbo ng kanyang kapalaran. Sapu-sapo ang tiyan, naisip niyang may isang buhay sa loob ng kanyang sinapupunan na umaasa sa kanya at hinding-hindi niya ito bibiguin.

# 3

Iwinaksi ni Rosario ang kamay ng apong si Rose at naglakad mag-isa.

“Mama, bakit kasi kailangang hatakin mo pa’t idamay ang lola sa makabagbag-damdaming ritwal na ito?” maktol ni Rose habang naglalakad sa sementadong daan sa pagitan ng mga damo, bitbit ang isang paso ng bulaklak.

“Hay naku! Please lang, ha. Huwag n’yo akong idamay sa alitan ninyong mag-ina,” pahayag ni Rosario mula sa likuran niya. “And Rose, don’t worry about me. I may be in my 70’s, pero hindi pa ako uugod-ugod para akayin mo. Batang-bata pa rin ang pakiramdam ko.”

Napatawa si Rose. Hinintay niya itong makahabol sa yapak niya at saka inakbayan gamit ang kaliwang kamay.

“Don’t use my age as an excuse, darling,” anito sabay kindat habang ginawa pang mas eksaherado ang maliksi na nito talagang paglakad. “Kaya ko pang makipaghabulan sa ’yo.”

Rose had always been a fan of her grandmother.



Ibang-iba talaga ang disposisyon nito. Makikita ito sa kakaiba nitong lakas at sigla kahit may-edad na. Kaya pa nga nitong tumayo sa sariling mga paa. Naikuwento nito sa kanya ang mapait na karanasan nang maging isang dalagang-ina sa isang mapanghusagang henerasyon.

*“Ngayon, balewala na ang pagbubuntis out of wedlock,”* laging sinasabi nito sa kanya. *“Pero noong kapanahunan ko, malaking kahihyan ’yon and you are considered an outcast.”*

Nakarating sila sa puntod ng kanyang ama.

“Hindi ko alam kung bakit ganyan ang attitude mo tuwing dadalawin natin ang papa mo,” maanghang na saad ng ina niyang si Rosalinda na umupo sa tabi ng marmol na lapida. Nakaukit sa marmol at may tintang ginto ang pangalang Nicanor Enrique G. Fuentebella. Sa ilalim nito ay nakalagay: *Isang huwarang bayani sa mata ng bayan at pamilya.*

“It’s not that I don’t love him, Ma. Pero namatay siya bago pa man ako sinilang kaya hindi ko siya kilala,” paliwanag niya sa ina habang nilalapag ang mga bulaklak sa ibabaw ng lapida. “Ang pareho lang sa amin ay ang aming apelyido, but I never really got to know him.”

Bigla siyang pinandilatan nito. Kasabay nito, naramdaman niya ang pisil ng kanyang lola sa kanyang tagiliran to warn her that she had gone too far. At alam niya iyon, napangunahan na naman siya ng init ng ulo at ng kanyang matalas na dila.

Agad nagbago ng tono si Rose, “And that’s not even the issue, Ma. Everytime na maisipan mong dalawin ang Papa, you expect me to drop all my appointments and drive you sa ma-traffic na lugar na ito,” tukoy niya sa *Loyola Memorial Park* sa Marikina City.

“Kahit ano pa’ng sabihin mo, siya ang nagbigay-buhay sa iyo,” sagot nito. “Kung wala siya, wala ka rin dito sa mundong ibabaw.”

Biglang sumipol si Rosario na para bang referee bago sila tuluyang mag-away na mag-ina. “Ikaw,” patukoy nito kay Rose, “Umalis ka muna. Maglakad ka at humigop ng preskong hangin at nang lumamig ang ulo mo. Isama mo na ang aso kong naiwan sa loob ng kotse. Madali!”

Habang papunta siya sa kinaroroonan ng sasakyan, narinig niya si Lola Rosario na pinapangaralan ang kanyang ina. “At ikaw naman kasi, Rosalinda, makulit ka. Kahit sinabi na sa iyo ni Rose na may appointments siya, mapilit ka pa rin.

Bakit ba kailangang sumama pa ang bata kung may ibang lakad siya? Kahit sino naman yata, maiinis sa ganoon.”

Hindi na niya narinig ang sagot ng kanyang ina dahil maingay siyang sinunggaban ni Brutus, ang aso, na masayang-masaya na makawala mula sa kotse.

Maganda ang araw na iyon. Hindi masyadong kainitan dahil ang matinding sikat ng araw ay nagtatago sa likod ng makakapal na ulap. Ganado siya sa paglalakad sa sidewalk palibot ng sementeryo, habang taimtim na iniisip ang relasyon nila ng kanyang ina.

Hindi niya maintindihan ang nanay niya. Parang ang puso nito ay nailibing na rin kasama ang lalaking hindi naman niya nakilala. She wanted to know him, after all, tatay nga niya ito, pero hindi naman nagkukuwento ang ina tungkol dito kahit limampung milyong beses na niya ito tinanong. According to her lola, na siyang naging takbuan niya, masalimuot daw ang love story ng dalawa.

Hindi naman niya gustong malaman ang lahat ng detalye. All she wanted to know was what her father was like. Kung ano ba ang mga hilig nito? Kung ano ang mga quirky habits nito noong ito ay nabubuhay

pa? Pero parang tinutusok ang puso ng mama niya tuwing nagtatanong siya, so she eventually gave up. Ang paliwanag ng lola niya, it was just too painful and uncomfortable for her mother to talk about the past.

Laking pasalamat ni Rose sa kanyang Lola Rosario dahil ito, kasama ang kanyang melodramatic mother, ang tumulong magpalaki sa kanya. Kung hindi sa tenure nito sa pinapasukang pribadong all-girls school, malamang ay hindi pa siya nakapag-aral doon dahil hindi kaya ni Rosalinda ang tuition fee mula sa maliit nitong sahod bilang government clerk. They were able to extend to her the discounted-tuition-fee privilege na dapat sana ay para sa mga direktang dependent lamang.

Habang naglalakad, may kung anong makinang na bagay ang sumilaw sa kanyang mga mata kaya napahinto siya. Iginala niya ang paningin at nakita ang pinagmulan nito. Isa iyong silver foil na nakabalot sa bouquet ng pulang rosas. Marahil ay mga tatlong dosena ang mga iyon.

Nakita niya ang isang lalaking nakaluhod sa tabi ng isang nitso. Taimtim nitong hinihimas ang bato gamit ang isang kamay, habang marahang inilalagay ang pumpon ng bulaklak gamit ang kabila. Marahil

ay yumaong misis nito ang nakalibing doon.

Madalas silang nagpupunta sa *Loyola* pero ngayon lang niya nakita ang mukha ng lalaki. *And my God, ang guwapo niya!*

Gusto niyang sipain ang sarili sa naisip. *Whatever possessed me to think of that?* Nakakasiguro siyang tigang na tigang na nga siya. Pati ba naman itong biyudo sa sementeryo ay mahuhuli pa ang mailap niyang atensyon?

Sinimulan niya muling maglakad, ngunit si Brutus ay may ibang plano. Fixated ito sa piraso ng lupa sa kanilang harapan at ayaw gumalaw. Pinilit niya itong pausadin sa pamamagitan ng dulo ng kanyang sapatos pero tila nasemento ang puwit nito sa lupang kinakalkal.

Wala siyang nagawa kundi magpaubaya sa alagang aso. Deep inside, natuwa siya dahil matititigan niya ang lalaki na mukhang regalo ng Maykapal sa kababaihan. Para siyang isang makisig na leading man mula sa isang romantic novel—tall, dark and handsome. Higit pa ang sex appeal nito at kakisigan kung ikukumpara sa ibang sikat na celebrity na nakita na niya sa personal. And the best part was, mukhang hindi nito alam na may hitsura ito. Hindi mabanaag ni Rose ang maangas na ere na

kalimitan ay nangingibabaw sa mga lalaking may hitsura.

Ang lubhang nakaagaw sa kanyang atensyon ay ang malungkot nitong mukha. Hindi niya masyadong maaninag pero sa tingin niya ay parang may luha pa ito sa gilid ng mga mata. He must be one of those rare breeds na mahal na mahal ang asawa tulad ni Roger. Sa hilam ng mga mata nito, hindi mapigilan ni Rose ang awa na nangibabaw sa kaibuturan ng kanyang puso. His late wife was a very lucky woman, kung sino man siya.

Habang taimtim niyang sinisipat ang anyo nito, bigla namang itinaas ng lalaki ang mukha nito, tila nakaramdam na may nagmamatyag. Lumipad ang tingin nito sa direksyon niya at nagkasalubong ang kanilang mga mata.

Biglang parang kung anong kuryente ang dumaloy sa mga ugat ni Rose na kiniliti pati ang natutulog niyang puso. Naramdaman din kaya iyon ng lalaki? *Baliw. You're being so silly! He's obviously here for his beloved. And sorry, hindi po ikaw 'yon.*

Agad inilihis ni Rose ang kanyang tingin. Nag-aapoy sa hiya ang kanyang mga pisngi. Pakiwari niya, masahol pa siya sa isang walang modong mamboboso.

Sa mismong puntong iyon, napagdesisyunan ni Brutus na kumaripas ng takbo. Because she slackened her grip and was off-guard, nakawala mula sa kanyang kamay ang tali nito. She watched in horror nang kumaripas ito patungo sa lalaki at tinalunan pa ito na para bang iyon ang kanyang amo. *Dear Mother Earth, lamunin n'yo na po ako at this very minute. It's so embarrassing!*

Nakangiti ang lalaki habang pinadidilaan pa ang kamay sa kumakahol na si Brutus. Tila matagal nang magkaibigan ang dalawa sa inaasal nila. Mukhang tuwang-tuwa ang mama sa atensyon ng aso kahit pa nakapatong ang maruruming paa niyon sa hita nito.

Hindi mapigilan ni Rose ang paggiling ng kanyang utak. Loyal ang lalaki sa mahal niya, maalalahanin ito at mahilig pa sa mga hayop. What a deadly combination. Mga magagandang senyales. Bumuntong-hininga si Rose. Mga qualities ng kanyang dream man.

Ikinibit niya ang mga balikat para puksain ang mga ideyang iyon. *Dream man nga. Ibig sabihin, hanggang pagtulog mo lang siya makakasama. Paggising mo, he'll be gone, gaga!*

Nahihiya siyang naglakad patungo sa lalaki para sapilitang kaladkarin si Brutus pabalik sa puntod ng

ama niya. “I’m so sorry,” aniya. “Brutus, you’re so shameless.”

“It’s perfectly fine,” sagot ng mysteryosong lalaki na may ngiti sa labi habang hinihimas ang nguso ng walang-hiyang aso.

Natanaw ni Rose ang mapuputi at pantay-pantay nitong mga ngipin. Ganito kalapit, tanaw din niya ang cleft chin ng mama na nagbigay ng character dito. Parang gusto niya iyong haplusin at sabihing, *“Don’t worry, everything will be all right.”*

Hindi lang pang-romance novel ang hitsura nito, he had a bedroom voice to match it with. Parang gustong malaglag ng panty ni Rose. Sa halip, kinuha niya ang collar ng nagpupumiglas na aso.

“Halikana,” aniyaritonaparabangnakakaintindi, “naghihintay na si Lola Rosario.” May ngitngit na sa kanyang tinig.

Nang marinig ang pangalan ng amo, nagtatalon ito at nagkakahol na lawit ang dila. Kumaway si Rose sa nakangising lalaki at humingi muli ng paumanhin. Hindi na niya hinintay pa kung ano ang isasagot nito at nagmadali siyang lumakad na papalayo.

Subalit pagdating nila sa eksaktong lugar kung saan natengga si Brutus kanina lang, muli itong



nagmatigas at kinalkal ang lupa. Hinigit niya nang mahigpit ang tali ngunit mas lalo pa nitong dinikdik ang mga paa sa lupa na tila batang nagmamaktol. Nagpuputok na ang butse ni Rose sa pagkayamot ngunit wala siyang nagawa.

Itinaas niya ang kanyang ulo at nakitang nakangiti ang lalaki habang naglalakad papalapit sa kanila. Naramdaman ni Rose ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi dahil sa galit sa aso at hiya sa lalaki. Biglang bumilis ang tibok ng kanyang pulso. *Oh, my God, he's coming towards me. What will I do?*

Parang kung anong gayuma mayroon ang lalaki at hindi niya maialis ang titig rito. She was drawn to him. Hindi siya karaniwang madaling tangayin ng emosyon. Lalo na pagdating sa isang taong hindi niya kakilala. Usually, hindi siya nai-impress ng panlabas na anyo lamang. Kaya hindi mawari ni Rose kung bakit biglang magaan ang loob niya sa lalaking ngayon ay papalapit na.

*Hayan malapit na siya.* Ngunit nang marating nito ang kanilang kinatatayuan, itinango lang nito ang ulo sa kanya, hinimas ang aso at kumaway. Ipinagpatuloy rin nito ang paglakad. Mayamaya, narinig ni Rose ang huni ng alarm na nag-unlock sa kotse nito.

### *Three Roses - Hannah Wabe*

---

Dederecho lang pala ito sa sasakyan at ni hindi man lang siya pinag-ukulan ng pansin. Mas abala pa ito kay Brutus. Ang laki niya talagang gaga. Kung makikita lang siya ni Ali ngayon, maglulupasay ito sa katatawa dahil sa kabaliwang ipinamalas niya. And for a man-hater, ang bilis naman yata niyang nasilo ng isang maginoong macho-guapito!

Hindi na siya lumingon nang marinig ang makina ng kotse nito. Sinipa niya ang isang bato at kinaladkad si Brutus patungo sa puntod ng kanyang ama. She attributed her temporary insanity sa bangayan nila ng kanyang ina at sa kung anumang kakaibang elemento na mayroon sa sementeryo.

---

Pinutol ng malungkot na awit ng gitara ang pagmumuni-muni ni Rose tungkol sa lalaking nakita niya sa libingan. Hinintay niyang matapos ang mga kahuli-hulihang chord bago tuluyang lumapit sa kinaroroonan ng kanyang pamilya.

Nakita niyang inilapag ng ina ang gitara sa damuhan. Tapos na ang harana nito para sa kanyang nasirang tatay. Isa sa mga ritwal nito ang kantahin ang *“Hindi Kita Malimot”* tuwing dadalaw sila roon. Again, according to her lola, ito raw ang awit sa burol ng kanyang itay.

### *Three Roses - Hannah Wabe*

---

Hindi niya maintindihan kung bakit kailangang pasakitan ni Rosalinda ang sarili tuwing bibisita sila roon. Rose was so sorry to say that she found it rather depressing. Pakiramdam niya, hindi rin siguro magugustuhan ng ama na makita silang ibinababad ang sarili sa lungkot. It would be better if her mom would learn to move on.

Napatingin bigla si Rosalinda kay Rose na para bang nabasa ang laman ng utak nito. “Ano, tapos na ba ang topak mo?”

Sasagot sana siya pero nakita niya ang babala sa mga mata ng abuela. Hindi niya na lang ito papatulan.

“I’m sorry, Ma,” simula niya. “Medyo mainit lang ang ulo ko kasi may importante akong meeting na naka-schedule ngayon, pero hindi ka nakinig sa akin.”

“Don’t use that as an excuse. Everytime na nagpupunta tayo dito, ganyan naman lagi ang attitude mo,” sumbat nito.

Hindi niya napigilan ang pagdulas ng maaanghang na salita mula sa kanyang dila. “But you can’t blame me, Ma. It’s not that I don’t love my father. I’m thankful to him and I’m aware na kung

*Three Roses - Hannah Wabe*

---

di dahil sa kanya, wala ako ngayon. Pero hindi n'yo ho talaga ako masisisi na mawalan ng koneksyon sa kanya because you refused to share him with me. Tuwing tinatanong kita, hindi ka naman nagsasalita about him. Your lips are sealed. Once and for all, ano po ba talaga ang nangyari sa kanya? Don't you think I'm entitled to know?"

Matagal na nakatitig kay Rose ang ina bago bumuntong-hininga at sinimulang magkuwento...

# 4

Malacañang, 1974.

“Huwag ka mag-alala, Rosalinda,” ani Nicanor sabay pisil sa isa niyang braso. “Basta huwag mong kalilimutang higpitan ang kapit sa kamay ko. Kahit ano’ng mangyari, huwag kang bibitaw.”

Tumango si Rosalinda. Naramdaman niya ang biglang pag-agos ng tila asido sa kanyang sikmura. Natatakot siya sa maaaring mangyari. Hindi nakatulong ang paninigurong ginawa ng kanyang nobyo sapagkat nasasalamin sa mga mata nito ang pangambang bumabalot sa buong katawan niya. Ngayon lamang sila sumama ni Nick sa ganitong klase ng protest rally.

Oo nga at sanay silang dumalo sa mga demonstrasyon sa paaralan nila sa *Unibersidad ng Pilipinas*, ngunit hanggang doon lang. Hindi naman nagiging marahas ang kinalalabasan noon dahil tanging mga estudyante silang nagtitipon-tipon sa academic oval para sabihin ang mga hinaing nila sa gobyerno ng diktador na pangulo. Nakasanayan na nilang maglakad dala-dala ang mga placards na nagsasabing ibagsak ang diktaturya.

Subalit ngayon, sa harap ng mala-higanteng gate ng Palasyo ng Malacañang, halos marinig niya ang kabog ng kanyang puso sa nerbyos. Iba na ito dahil mukhang hindi sila sasantuhin ng mga militar na may dalang armalite at nakaharap sa kanila.

Sa di-kalayuan, dalawang firetrucks ang nakaistambay. Karay-karay ng isang lupon ng mga bumbero ang hose na para bang mapanganib na ahas na handang tumuklaw sa kanila at magbuga ng kamandag.

“Itigil n’yo na ito!” utos ng pinuno ng mga pulis mula sa isang megaphone. “Walang magandang kahihinatnan ang ginagawa ninyo.”

Agad itong sinagot ng pinuno ng mga raliyista. “Higpitan n’yo ang kapit. Huwag bubuwagin ang piket.”

Lalong nag-apoy ang galit ng mga sibilyan. Naging mas matibay pa ang kapit ng mga ito sa isa’t isa. Hindi nila matanggap ang patuloy na pagiral ng Martial Law. Hindi iyon makatarungan. Nagpapasarap ang Unang Ginang at ang mga bisita nitong dayuhan sa loob ng palasyo habang naghihirap ang buong bayan.

“Ito na ang kahuli-hulihang babala. Kapag hindi

pa kayo nakinig, baka magsisi kayo sa magiging resulta ng katigasan ng ulo n'yo,” sigaw ng pulis.

Nangibabaw ang mga sigawan: “Itigil ang paninikil! Ibagsak ang diktadurya! Ibagsak ang imperyalismo!” Ang mga raliyista ay tila kawan ng maiingay nabubuyog nahindinawawalannengerhiya. Sa kabila ng kanilang takot, buo ang kanilang loob para sa mga simulaing kanilang ipinaglalaman. Ang mga babala ng pulis ay nagsisilbing karagdagang apoy para ipagpatuloy ang kanilang ginagawa.

“Buksan ang mga hose,” utos ng lider sa mga bumbero.

Matapos nito, naramdaman ni Rosalinda ang kakaibang lamig ng tubig na sumapol sa kanyang buong katawan. Masakit ang unang hampas nito dahil malakas ang puwersa ng tubig. Kinagat niya ang kanyang labi, siniguro ang pagkakalapat ng mga paa sa semento at tiniis ang mala-suntok na puwersang humahampas sa kanya. Hinding-hindi siya bibitaw kay Nick at sa picket line.

Ilang saglit ang nagdaan. Hindi na niya maintindihan kung ano ang eksaktong nangyari dahil sa ingay ng mga sirena ng bumbero. Basta nakarinig siya ng isang sigaw mula sa di-kalayuan. Pagkatapos nito, nagsimula ang tulakan.

Halos mapahandusay sila ni Nick sa daan dahil dumausdos ang kanilang linya papuntang unahan. Agad silang tumayo ngunit nahirapan sila sapagkat basang-basa ang kalye. Nakita ni Rosalinda mula sa kanyang pagkakasalampak sa lupa: naghahari na ang kaguluhan sa paligid. Nagsimulang magtakbuhan ang lahat dahil papalapit na ang mga sundalo.

Agad kinuha ni Nick ang kanyang mga kamay at hinatak siya papatayo. “Madali ka’t huwag kang bibitiw sa akin.”

Nangangatog ang mga tuhod, tumayo siya at nagsimula silang tumakbo. Umalingawngaw ang sunud-sunod na putok. Makapal ang tao at kailangan nilang magsumiksik at maniko para mahanap ang daan papalayo. Lumulutang sa ere ang masakit na ungol ng mga sugatan. Maririnig din ang lagutok ng buto sa pagtama ng metal na batuta ng mga pulis laban sa laman ng mga raliyista.

“Nick, natatakot ako,” aniya sabay pisil sa kamay nito.

Ngunit natangay siya ng mga tao at nakahulagpos mula sa pagkakakapit sa palad nito.

“Nick! Nick!” sigaw niya sa pagitan ng mga ingay habang hinahanap ang mukha nito.



Sa gitna ng kanyang kalituhan, nakita siya ng ilang kamag-aral at kinaladkad siya papalayo sa kaguluhan. Sa kabila ng kanyang mga protesta, hindi pumayag ang mga ito na balikan niya si Nick para hanapin. Masyadong mapanganib. Lahat sila ay hindi makapaniwala na hahantong ang mapayapang rally sa isang madugong komprontasyon. Iyon ay isa na ngang panahon ng pangamba at ligalig.

---

Hindi maalala ni Rosalinda kung paano siya nakarating ng bahay. Naramdaman na lang niyang hinahagod ang kanyang likuran gamit ang isang tuwalya.

“Ikaw naman kasi, bata ka. Di kita pinahirapang palakihing mag-isa sa gitna ng kutya ng mga tao para lang humantong sa ganito ang lahat!” ani Rosario na nakakunot ngayon ang noo.

Binalewala ni Rosalinda ang batikos nito. Pumasok ito sa kanyang tainga at agad lumabas sa kabila. Ang tanging laman ng isip niya ay si Nick. Labis ang pag-aalala niya para rito. Ano kaya ang nangyari sa kanyang nobyo? Buhay pa kaya ito? Ngayon niya pinagsisihan ang pagsama nila sa rally.

Habang pinapalitan ni Rosario ang basang

t-shirt ng anak, patuloy ito sa pagsesermon. “Kakaiba na ang panahon ngayon, anak. Mag-iingat kayo ni Nicanor. At tingnan mo, kung hindi ka mapapatay dahil sa bala, papatayin ka ng pulmonya.”

Nahinto ang pagsasalita si Rosario nang biglang dumagundong ang malalakas na katok sa pinto. Nagyakapan sila ni Linda, ang takot ay mababanaag sa kanilang mga mata. Mga pulis kaya ito?

“Linda, Linda, si Nick ito. Buksan mo ang pinto,” anang boses mula sa labas ng pinto.

Parang kidlat ang dalaga sa bilis ng pagkilos. Pumasok si Nick, agad isinara ang pinto at ikinandado ito. Nagyakapan sila nang mahigpit.

Naramdaman ni Rosalinda, umaagos ang kanyang luha. Halos masara ang kaliwang mata ni Nick sa maga. Duguan ang t-shirt ito.

“Ano’ng nangyari sa iyo? Sugatan ka. Akala ko, hindi na tayo magkikita, Nick.”

“Ako rin, mahal ko. Natakot ako nang maramdaman kong hindi magkakapit ang ating mga kamay. Pero huwag kang mag-alala, tanging pasa ko lang sa mata ang tama ko. Ang bahid ng dugo sa aking t-shirt ay mula sa ibang tao.”

Naramdaman ni Rosalinda ang tensyon sa balikat nito. “Hindi ko akalaing hahantong ang rally sa....” ngunit hindi niya ito masabi.

Hinimas ni Nick ang kanyang likod. “Alam ko. Napakawalanghiya ni Marcos. Ang ating mga karapatang-pantao ay isa-isa niyang kinikitil.”

Lumapit si Rosario sa kanila at inabot ang isang tipak ng yelo na nakabalot sa labakara. “Umupo kayo sa sofa at ilagay mo ito sa iyong mata para maibsan ang pamamaga.”

Bumalik si Rosario sa kusina para kumuha ng juice at tinapay at ipinatong iyon sa lamesita.

“Siguro naman, ititigil n’yo na ’yang pakikibaka ninyo. Masyadong mapanganib ngayon. Gusto n’yo bang damputin na lang kayo at ikulong sa Crame?” anang matanda.

Wala munang nagsalita. Parang puwedeng hatiin ng kutsilyo ang tensyon na namuo sa ere.

Sa wakas, sumagot si Nick. “Hindi po puwedeng manahimik na lang ako, Ma’am, habang naghahari-harian ang isang gahamang diktador. Karapatan po nating lahat ang maging malaya. Ang magkaroon ng demokrasya.”

Lalong umusbong sa puso ni Rosalinda ang pagmamahal para rito. She loved him for his strength and passion for the things he believed in. Mula pa noon, malakas na ang paninindigan ni Nick at ipinaglalaman kung ano ang tama. Maprinsipyo itong tao. Ngayon, hindi lamang niya ito mahal, kundi ipinagmamalaki pa niya ito.

Nang mukhang may sasabihin pa ulit si Rosario, hinawakan ni Rosalinda ang kanyang mga kamay. “Ma, sa inyo ko rin po natutunan kung paano maging malakas. Namana ko ang inyong ugali na maging matatag. Hindi dapat sumuko at gawin ang nararapat kahit na masakit o mahirap pa ito. Kaya namin ito, Ma. Para sa bayan ang aming ginagawa.”

Napabuntong-hininga si Rosario. Wala na nga siyang magagawa dahil mukhang desidido na ang magnobyong.

“Dito ka na magpagabi, hijo, dahil baka abutan ka ng curfew sa daan. Matulog ka sa silid ni Rosalinda. At ikaw,” baling nito ng tingin sa anak, “tabi na tayong matulog.”

“Marami pong salamat, Ma’am,” ani Nick.

“Mama, salamat po sa inyong pang-unawa.” Agad niyakap niya ang ina.

“Basta mag-iingat kayong dalawa,” babala nito bago tuluyang pumasok sa silid.

---

Malakas ang huni ng kuliglig ngunit hindi na ito naririnig pa ni Rosalinda. Nasanay na siya sa ingay ng kagubatan sa loob ng tatlong taong pamamalagi nila ni Nick sa bundok. Niyakap niya ang kanyang sarili nang dumapo ang malamig na hangin sa kanyang mga braso.

Tumingin siya sa langit. Habang nakatayo sa ilalim ng kabilugan ng buwan, sumagi sa kanyang isipan iyong gabing nilisan niya ang kanilang tahanan. Kabilugan din ng buwan nang mangyari ang mapait na eksenang iyon.

Kinailangan nilang umalis dahil ang ilan sa kanilang mga kasamahan na aktibo rin sa mga rally ay isa-isang dinadakip at ibinibilanggo. Iyong iba ni hindi nila alam kung ano ang kinahinatnan. Kailangan nilang lumayo ni Nick bago pa bigla na lang silang damputin ng mga alagad ni Marcos. Tutol man ang kanyang ina, wala itong nagawa sa kanilang pasya.

Niyakap siya ng ina nang ubod ng higpit, as if she was hugging her for the very last time. At ipinabaon

nito sa kanya ang paborito nitong gintong rosaryo.

Simula noon, hindi na niya ito nakausap pa. Kumusta na kaya ito? Alam ni Rosalinda, hindi siya dapat mag-alala dahil likas na matibay ang loob ng kanyang ina. Napalaki siya nito nang mag-isa sa kabila ng mga kutya sa palagid dahil sa pag-aabandona ng sarili niyang ama.

Hindi niya namalayan, pinaglalaruan na ng mga daliri niya ang rosaryong nagsisilbing isang kuwintas sa kanyang leeg.

“O, baka naman mapigtas iyan sa ginagawa mo,” sabi ng boses mula sa kanyang tabi.

Ni hindi man lang niya namalayan ang pagdating ng kanyang asawa. Ganoon kalalim ang kanyang pag-iisip. Ni hindi man lang niya naramdaman ang kamay nito na nakapatong ngayon sa kanyang balikat.

“Tara nang matulog. Maaga pa tayo luluwas sa bayan bukas,” aya nito. Kinuha niya ang palad ni Nick at nagsimula silang maglakad patungo sa kanilang kubo.

Hindi pa rin siya makapaniwala na walong buwan na silang kasal. Mapait na masaya ang araw na iyon. Noong siya ay bata pa, pinapangarap niya

ang isang engrandeng kasalan. Magiging saksi ang kanyang ina at mga kaibigan sa kanilang romantikong pag-iisang dibdib. Pero hanggang panaginip lamang iyon dahil nagtatago nga sila sa mga kagubatan ng lalawigan ng Quezon at Bicol. Pati ang kanilang kasal ay isang simpleng seremonya lamang na karaniwang ginagawa ng mga miyembro ng *New People's Army* at pinangunahan ni Ka Gregorio Posadas, ang pinuno ng kanilang kadre.

Ngunit sa kabila nito, masayang-masaya pa rin si Rosalinda dahil ang pinakaimportante sa lahat ay ang damdamin nila ni Nicanor para sa isa't isa. Hindi na niya kailangan pa ng isang bonggang kasalan. Kontento na siya sa kamalayang siya lang ang tanging babae sa puso ni Nick.

---

Pakiramdam ni Rosalinda, para silang mga bola na idini-dribble ng jeep habang tinatahak ang malubak na daan. Naramdaman niyang namumuo ang mga butil ng pawis sa kanyang noo at likuran. Siksikan ang mga pasahero na para bang mga sardinas sa isang maliit na lata.

Subalit hindi na niya iyon ininda. Nasanay na rin siya dahil minsan sa loob ng isang buwan, bumababa sila ng asawa sa bayan para mamili ng mga gamit

nila sa kilusan. Nang umagang iyon, ayaw na sana ni Nick na bumaba sila dahil napaghihilo siya. Iba na lang daw ang atasan para mamili. Pero siya ang mapilit. Gusto niyang bumili ng damit-pambuntis at pagkatapos niyon ay hindi na sila luluwas muli patungong bayan. Sa bayan na niya sasabihin kay Nick ang sekreto niya na may buhay nang pumipintig sa kanyang sinapupunan. Sosorpresahin niya ito.

Huminto ang jeep sa checkpoint. Nakagawian na ito bago makapasok ng main highway patungo sa bayan. Hindi niya maipaliwanag ngunit biglang bumilis ang pintig ng pulso ni Linda. Lagi namang ganoon, pero wala namang ginagawa ang mga militar kundi bilangin lamang ang mga nakasakay sa loob ng sasakyan.

Ngunit iba ang araw na iyon. Isa-isang pinababa ang mga pasahero at tiningnan ang mga kargada. Nagkatitigan sila ni Nick at sinabi ng mga mata nito na huwag siyang mag-alala at umarte lamang nang normal.

Pinalinya ng mga militar ang mga pasahero. Magkahiwalay ang babae sa mga lalaki. Parang gustong himatayin ni Rosalinda pero nilakasan niya ang kanyang loob. Marahil naman, routine check lang ito.



“Ikaw,” sigaw ng sundalo sa isang lalaking nakalinya. “Matagal ka na naming hinahanap.”

Nakita niyang hinalbot nito ang isa nilang kasama at inalis ang suot nitong sombrero. Si Ka Inngo.

Nang magpumiglas ito, binayo agad ng baril ang ulo nito at marahas na itinulak dahilan upang matumba ito.

Makakaluwag na sana si Rose ng paghinga ngunit narinig niya ang boses ng kanyang asawa, “Ano’ng gagawin n’yo sa kanya?”

Lumutang sa ere ang malakas na lagutok ng .45 caliber na dumagok sa balikat ni Nick.

“Pakialamero ka! Siguro kasabwat ka rin nila,” sigaw ng militar. Nilingon nito ang mga kasama, “Sige, lagyan ng posas ang mga ’yan at ilagay sa likod ng truck.”

Hindi napigilan ni Rosalinda ang sarili. Nagtatakbo siya patungo kay Nick. “Huwag n’yo pong dalhin ang asawa ko. Wala siyang masamang ginawa.”

Marahas ang tingin sa kanya ng asawa habang itinataboy siya ng mga kamay nito. “Huwag kayong

maniwala. Di ko iyan asawa. Isa siyang baliw.”

Ngunit pinatahimik si Nick ng isang suntok. Napahandusay ito sa maalikabok na lupa. Nawalan ito ng balanse dahil nakatali ang mga kamay. Agad tinulungan ni Rosalinda ang asawa upang makatayo.

Akmang pupunasan ni Rosalinda ang dugong tumutulo mula sa ilong ni Nick, subalit marahas na hinigit ng isang sundalo ang kanyang kamay.

“Huwag n’yo siyang saktan,” sigaw ni Nick na walang magawa dahil sa pagkakagapos.

“Asawa pala,” anang militar. “Sige, sumama ka na rin!”

Sabay-sabay silang pinasampa sa likod ng isang truck. Walang magawa ang ibang mga pasahero kundi tumingin sa sariling mga paa. Mahirap nang masangkot sa gulo at baka pati sila ay madamay.

Nakagapos na ang tatlo, nilagyan pa ng telang bikig ang kanilang mga bibig at takip ang kanilang mga mata. Matagal silang nakasakay sa loob ng sasakyan. Mahapdi na ang mga mata ni Rosalinda at uhaw na uhaw na siya. Ngunit wala siyang magawa kundi sumandal at ireserba ang kanyang lakas. Tanya niya, sa tunog ng mga sasakyan at sa ingay ng tao sa paligid, sila ay dinala sa Maynila.

Naramdaman ni Rosalinda ang pagtanggap sa gapos sa kanyang mga kamay. Itinulak siya papaloob. Agad inalis ni Rosalinda ang piring sa kanyang mga mata. Ngunit wala siyang makita dahil hindi pa sanay ang paningin niya sa liwanag. Tinakpan niya nang bahagya ang silaw, gamit ang mga braso.

Matapos ang ilang sandali, malayang naobserbahan ni Rosalinda ang kanyang kinalalagyan. Isa iyong makipot na selda. Nakasara ang pinto at isang napakaliit na bintanang puno ng rehas ang tanging paraan upang makita niya ang labas.

Ngayon lang siya natakot nang ganoon sa buong buhay niya. Nasaan kaya si Nick? Inilapat niya ang tainga sa pintuan ngunit wala siyang marinig. Hindi niya alam kung ano na ang oras sapagkat tinangay ng mga militar ang kanyang lumang relos pati ang kanilang mumurahing wedding band. Gusto niyang maiyak nang makitang wala iyon sa kanyang mga daliri.

Umupo si Rosalinda sa maliit na kama at naghintay. Pagkuwan ay bumukas ang pintuan. Pumasok ang dalawang nakaunipormeng sundalo. Hinigit siya ng isa at sinabing, “Ipagtapat mo na sa

amin kung nasaan ang inyong lungga.”

Nagmaang-maangan siya. “Hindi ko ho alam ang sinasabi ninyo. Nagkakamali kayo. Pupunta lang kami sa bayan para mamili—”

Isang malakas na sampal ang dumapo sa kanyang pisngi. Napaigtad ang kanyang ulo. Dahil sa puwersa, tumilapon mula sa kanyang bulsa ang pinakaiingatang rosaryo. Isa muling malakas na sampal ang iginawad sa kanya.

“Magsabi ka na ng totoo kung di sasamain ka lalo sa amin.”

Hindi ininda ni Rosalinda ang dagok kahit nalasahan niya ang dugong tumutulo mula sa pumutok niyang mga labi.

Tiningnan niya ang kasama nito na nakatayo sa bungad ng pinto. Habang pinapahid ang dugo gamit ang kanyang braso, nagsumamo siya rito. “Maaawa na po kayo sa akin. Huwag n’yo po akong saktan. Buntis po ako. Baka masaktan po ang dinadala ko. Isinusumpa ko sa Diyos,” sigaw niya habang hawak-hawak ang rosaryo, “wala po kaming kasalanan ng asawa ko.”

Isang tadyak ang igaganti sa kanya ng naunang sundalo ngunit nagmilagro ang langit at pinigilan

ito ng isa. “Pare, huwag na. Ang misis ko, buntis din ngayon. Ayokong makarma kapag may nangyari sa babaeng ’yan.”

“Pero ang utos sa atin, pahirapan nang husto ang mga bihag hanggang umamin sila.”

“Ang utos ay paaminin ang target natin. Kalimutan mo na ang babaeng iyan dahil mukhang wala naman siyang alam,” paliwanag ng isa. “Ano namang salot ang magagawa ng isang walang kwentang babae? Pihadong sunud-sunuran lang ’yan sa asawa niya.”

Iningudngod ng bayolenteng sundalo ang ulo ni Rosalinda at sinigawan siya, “Magpasalamat ka’t mabait ang kasama ko. Kung nagkataon, katapusan mo na gaya ng asawa mo.”

Lumabas ang mga ito at marahas na isinara ang pinto.

Dahil sa bombang binitawan ng sundalo, nagtatakbo siya sa tapat ng pinto at pinagpupukpok iyon habang sumisigaw. “Nasaan ang asawa ko? Maawa kayo. Nasaan siya?”

Paulit-ulit niyang tinawag ang pangalan ni Nicanor, umaasang may sasagot, hanggang sa mamaos ang boses niya. Hindi rin niya tinantanan

ang pagkatok sa pinto hanggang maubos ang kanyang lakas.

Nagtungo si Rosalinda sa isang sulok ng silid. Isinandal niya ang kanyang likod sa malamig na pader. Para siyang nauupos na kandilang unti-unting nauupos habang patuloy na humahagulgol. Ipinatong niya ang ulo sa nakatiklop na mga tuhod. Hindi niya alam kung gaano siya katagal sa posisyong iyon.

Narinig niyang bumukas ang pinto. Hindi niya mabanaaag ang mga pigura dahil hindi sanay ang mga mata niya sa liwanag ng ilaw sa may pasilyo. Naramdaman niya ang paglapat ng isang ulo sa kanyang kandungan. Gusto niyang magtitili sa takot ngunit wala siyang lakas. Muling marahas na isinara ang pinto.

Tumingin siya sa sahig at nakita ang mukha ng kanyang asawa. Kung hindi niya kilalang-kilala si Nicanor at hindi siya pamilyar sa init ng katawan nito, hindi niya ito makikilala. Magang-maga at duguan ang mukha nito. Ang buo nitong katawan ay tadtad ng pasa at sugat.

Inilagay niya sa pagitan ng kanyang mga kamay ang ulo nito, “Nick, Nick. Sagutin mo ako, mahal ko.”

Ngunit walang lumabas na tinig mula rito. Naramdaman ni Rosalinda na malagkit at basa ang kanyang mga palad. Sa puntong iyon, binalot siya ng matinding takot. Nang tingnan niya ang mga kamay, napatunayan niyang tama ang kanyang hinala. Puno ng dugo ang mga iyon. May malaking nakabukas na sugat sa ulo ni Nick kung saan patuloy na umaagos ang dugo.

Inilagay niya ang kaliwang palad sa dibdib nito. Naramdaman niya ang marahang pagtibok niyon. Iniwang agaw-buhay ng mga hayop ang kanyang asawa.

Lumipad ang utak ni Rosalinda. Hindi na niya halos maintindihan ang nangyayari sa kanyang paligid. Inilagay niya ang kanyang ulo sa dibdib ng asawa at pinakinggan ang mahinang pintig ng puso nito. Hindi na siya nagsayang pa ng laway para humingi ng saklolo. Naglaho ang lahat ng kanyang pag-asa. Alam niyang wala namang tutugon sa kanyang mga tawag para sagipin ang buhay ni Nick.

“Diyos ko, tulungan Mo po ang asawa ko. Nick, huwag mo akong iwan. Huwag mo kaming iwan ng magiging anak natin.”

Pagpasok ng sinag ng araw sa kanyang selda, hindi na naririnig ni Rosalinda ang tibok ng puso

ng kanyang asawa. Wala na rin siyang pakialam kung ano pa ang mangyayari sa sarili. Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Parang gusto na rin niyang matulog habambuhay kapiling si Nicanor. Yumao itong hindi man lang nalaman na magkakaanak na sila.

---

Pagdilat ni Rosalinda ng kanyang mga mata, wala siyang makita kundi puti at liwanag. Nasa langit na kaya siya?

“Anak, nagising ka na sa wakas.” Masayang tinig iyon ng kanyang ina na nakaupo sa silya sa tabi ng kanyang kama.

“Mama, nasaan ako?” tuliro niyang tanong.

“Nasa ospital ka, anak. Nakatanggap ako ng tawag sa telepono na nagsasabing confined ka raw dito at sumugod naman ako agad. Malaya ka na raw at wala kang kasalanan.”

“Mama, si Nick, alam kong...” Hindi niya matapos ang sasabihin dahil bumalong ulit ang luha mula sa kanyang mga mata. Biglang pumasok sa kanyang isipan ang nakahahambal nitong kaanyuan noong huli nitong gabi.



Mula sa silya, agad umupo si Rosario sa kanyang kama at hinawakan ang mga palad niya. “Tahan na, anak ko. Makakasama sa baby mo. Sinabi sa akin ng doktor na buntis ka raw. Inaasikaso ang labi ni Nick ng inyong mga kasamahan sa kolehiyo. Huwag kang mag-alala dahil hindi siya pababayaang ng iyong mga kaibigan. Kapag handa ka na, puwede natin siyang puntahan.”

Bumalikwas si Rosario mula sa kanyang pagkakahiga. Akmang tatanggalin niya ang tubo ng dextrose na nakakabit sa bisig niya.

“Huwag, anak. Isipin mo ang iyong sanggol.”

Parang sinabuyan si Rosalinda ng malamig na tubig at ang bumalik ang kanyang katinuan. Nagdududa ang mga matang bumaling siya kay Rosario. “Buhay ang anak ko sa kabila ng mga nangyari?”

Tumango ang kanyang ina. Kay tagal hinintay ni Rosario na masilayan ang anak. Ngunit kailanman, hindi sumagi maging sa panaginip nito na hahantong sa ganito ang lahat at malalambungan ng kalungkutan ang muli nilang pagkikita.

“Oo, anak. Sabi ng mga doktor, isang milagro ang nangyari. Fighter din siya kagaya ng kanyang

ina.” Naramdaman ni Rosalinda ang kamay ng ina habang hinahagod ang kanyang likuran. “Kaya kailangang magpalakas ka muna, anak.”

Muling humiga si Rosalinda. Sa kabila ng pighati, mayroon pa rin palang masayang balita. Ngunit hindi madaling iwaglit ang pait ng nagluluksa niyang puso.

“Parang walang kuwenta na ang lahat, Mama. Hindi sapat na kabayaran sa isang bulok na bayan ang buhay ng aking asawa. Pati pamilya ko ay nadamay. Sana namatay na rin lang akong kasama ni Nick. Kasalanan ko itong lahat,” umiiyak na saad ni Rosalinda.